

KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD

1215 O Street, MS 7-40
Sacramento, CA 95814
TTY: 711
(833)421-0061



PETSA: HULYO 28, 2022

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: PAUNANG PERSON-CENTERED PLAN AT PATNUBAY SA MGA SUPORTA SA TRANSISYON SA PRE-ENROLLMENT

Ang layunin ng sulat na ito ay upang ibalangkas ang mga makukuhang serbisyong sa potensyal na mga kalahok sa Self-Determination Program (SDP) at kanilang mga pamilya na nakakumpleto ng SDP orientation at lumilipat na sa pagpapa-enroll sa SDP. Isinasagawa ang pagpapatala sa petsa kung kailan babaguhin ng regional center ang uri ng Pamamahala ng Kaso ng konsumidor at gagawing "S" para sa Self-Determination. Ang konsumidor sa gayon ay ituturing na naka-enroll at kalahok sa SDP. Ang isang potensyal na kalahok sa SDP ay maaaring makatanggap ng Paunang Person-Centered Plan at/o Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment. Para sa Paunang Person-Centered Plan at/o Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment, dapat pumili ang kalahok mula sa Opsyon A o Opsyon B na inilalarawan sa ibaba. Simula Pebrero 1, 2023, Opsyon B lang ang magiging available.

OPSYON A

Pinapanatili, hanggang Enero 31, 2023, ang kasalukuyang patnubay para sa Paunang Person-Centered Plan at Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment na makikita sa mga direktiba ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) noong [Pebrero 13, 2019](#), [Setyembre 3, 2019](#), [Oktubre 30, 2020](#) at [Hulyo 15, 2021](#). Impormasyon sa mga tinatayang rate ay makikita sa [webpage para sa Mga Madalas Itanong](#) tungkol sa SDP ng Kagawaran sa ilalim ng "Person-Centered na Pagpapalano."

OPSYON B

Available simula Agosto 1, 2022, at epektibo sa Pebrero 1, 2023, ang tanging opsyon para sa Paunang Person-Centered Plan at Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment. Alinsunod dito, epektibo sa Pebrero 1, 2023, ang patnubay na ito ay pumapalit sa mga direktiba ng Kagawaran noong [Pebrero 13, 2019](#), [Setyembre 3, 2019](#), [Oktubre 30, 2020](#) at [Hulyo 15, 2021](#).

"Bumubuo ng mga Partnership, Sumusuporta sa mga Pagpili"

Mga Executive Director ng Regional Center
Hulyo 28, 2022
Ikalawang pahina

Hinihiwalay ng Opsyon B ang Paunang Person-Centered Plan mula sa bagong serbisyo para sa Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment. Inaasahan na makikipagtulungan ang bawat regional center sa kanilang mga lokal na partner sa komunidad para kilalanin ang mga vendor na magkakaloob ng serbisyong ito pagdating ng Pebrero 1, 2023, at magdadagdag sa mga bagong vendor na iyon sa listahan ng mga vendor sa website ng regional center. Ang sumusunod na patnubay tungkol sa Paunang Person-Centered Plan at Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment ay nalalapat sa Opsyon B.

Paunang Person-Centered Plan

Ang isang konsumidor na lumilipat sa SDP, na nakakumpleto na ng SDP orientation, ay maaaring humiling ng pagbuo ng isang Person-Centered Plan. Ang isang Person-Centered Plan ay naglalarawan ng kung ano ang nais ng kalahok sa SDP na maging buhay nila sa hinaharap para mapagsikapan nila ang kanilang mga layunin. Nakabatay ito sa kanilang mga lakas, kakayahan, preperensya, pamumuhay at kultura. Maaari itong gamitin para bigyang-kaalaman ang pagsusulat ng Plano ng Indibidwal na Programa (Individual Program Plan, IPP). Maaaring bumili at magbayad ang mga regional center ng hanggang \$1,000 para sa Paunang Person-Centered Plan mula sa:

- Mga vendored provider ng mga serbisyo sa person-centered planning; o
- Mga non-vendored provider na nagpapakita na nakatanggap sila ng pagsasanay o sertipikasyon sa person-centered planning/proseso ng pangangasiwa. Ang pagbabayad sa mga non-vendored provider ay gagawing "Purchase Reimbursement" sa ilalim ng service code 024.

Maaaring taasan ng mga regional center ang pagbabayad depende sa kaso para sa potensyal na mga kalahok sa SDP na may Paunang Person-Centered Plan na nangangailangan ng higit na oras dahil sa kakulangan ng mga natural na suporta upang tumulong sa proseso ng enrollment, kung ang ninanais na wika ay hindi Ingles, o kung may mas mataas na antas ng pangangailangan ng serbisyo bilang resulta ng kanilang kapansanan. Ang pagbabayad ay maaaring isagawa lang pagkatapos matanggap ng regional center ang invoice na nagpapakita na naibigay ang nakasulat na Paunang Person-Centered Plan gaya ng sinang-ayunan ng potensyal na kalahok sa SDP.

Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment

Inaalok ang Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment sa iba't ibang paraan na hindi nangangailangan ng vendored service provider.

- Tumutulong ang mga service coordinator ng regional center sa mga indibidwal at pamilya sa transisyon.
- Ang mga regional center ay nakikipagtulungan sa kanilang Self-Determination Local Volunteer Advisory Committee para tukuyin o kontratahin ang mga suporta sa lokal na transisyon. Makikita ang impormasyon sa pagpopondo sa patnubay ng Kagawaran noong [Pebrero 11, 2022](#).

MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

Hulyo 28, 2022

Ikatlong pahina

- Tumutulong ang Participant Choice Specialists ng regional center sa mga indibidwal na naghahangad ng self-direction sa pamamagitan ng SDP.

Para sa mga potensyal na kalahok sa SDP na kailangan ng mga karagdagang suporta sa transisyon, available ang isang bagong ibinebentang serbisyo na tinatawag na “Self-Directed (SD) Supports,” service code 099, at nahahati sa pagitan ng *General Self-Directed (General SD) Supports at Financial Management Services Self-Directed (FMS SD) Supports*. Maaaring awtorisahan ng mga regional center ang SD Supports, sa kabuuan, nang hanggang 40 oras. Ang karagdagang oras ay maaaring awtorisahan depende sa kaso para sa mga potensyal na kalahok sa SDP (tingnan ang Kalakip).

Inaawtorisahan na maibigay ang General SD Supports pagkatapos ng SDP orientation at bago ma-enroll sa SDP ang isang potensyal na kalahok sa SDP. Ang serbisyong ito ay para sa anumang tulong, coaching at/o suporta sa pagsasanay na kailangan ng isang potensyal na kalahok sa SDP at ng kanilang pamilya o kanilang kinatawan para matagumpay na mag-enroll sa SDP. Hindi kasama rito ang mga suporta na nauugnay sa pagbuo ng isang Paunang Person-Centered Plan. Sa pagbe-vendor ng mga bagong provider para sa serbisyong ito, dapat gamitin ng mga regional center ang service code 099. Tingnan ang Kalakip para sa detalyadong impormasyon tungkol sa General SD Supports.

Ang FMS SD Supports ay inaawtorisahan na ibigay pagkatapos ng SDP orientation at bago ma-enroll sa SDP ang potensyal na kalahok sa SDP. Hindi kasama rito ang mga suporta na nauugnay sa pagbuo ng isang Paunang Person-Centered Plan. Ang serbisyong ito ay maaari lang ibigay ng mga ahensya ng FMS na naglilingkod sa mga kalahok sa SDP. Sa pag-aalok ng mga tagapagkaloob para sa serbisyong ito, dapat gamitin ng mga regional center ang service code 099. Tingnan ang Kalakip para sa detalyadong impormasyon tungkol sa FMS SD Supports.

Ang mga potensyal na kalahok sa SDP ay hindi kinakailangang magkaroon ng Person Centered-Plan o gumamit ng SD Supports para mag-enroll sa SDP. Bagaman ang pag-bill ng mga serbisyong ito ay tutukuyin nang magkahiwalay, ang proseso ng pagsasagawa ng Mga Suporta sa Transisyon sa Pre-Enrollment ay dapat na maayos at madali para sa potensyal na kalahok sa SDP.

MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

Hulyo 28, 2022

Ikaapat na pahina

Kung may mga tanong ang mga kalahok o kanilang mga pamilya tungkol sa sulat na ito, dapat silang makipag-ugnay sa kanilang regional center service coordinator at kung may mga tanong ang mga Regional Center, dapat silang makipag-ugnay sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

MARICRIS ACON

Deputy Director

Dibisyon ng mga Programang Pederal

Kalakip

cc: Mga Administrador ng Regional Center

Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center

Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center

Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center

Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad

Nancy Bargmann, DDS

Brian Winfield, DDS

Carla Castañeda, DDS

Jim Knight, DDS

Ernie Cruz, DDS

Tim Travis, DDS

Paglalarawan ng Serbisyo – Self-Directed Supports (Service Code 099)

Ang Self-Directed Supports (SD Supports) ay nangyayari pagkatapos kumpletuhin ng konsumidor ng Self-Determination Program (SDP) orientation at bago ang potensyal na pag-enroll sa SDP. Isinasagawa ang pagpapatala sa petsa kung kailan babaguhin ng regional center ang uri ng Pamamahala ng Kaso ng konsumidor at gagawing "S" para sa Self Determination. Ang konsumidor sa gayon ay ituturing na naka-enroll at kalahok sa SDP.

Kabilang sa SD Supports ang dalawang natatanging uri ng tulong: General SD Supports and Financial Management Services (FMS) SD Supports. Ang mga vendor ng bawat isa ay dapat matugunan ang natatanging kwalipikasyon ng vendor at ang parehong serbisyo ay maaaring magbigay ng tulong, coaching at/o pagsasanay sa pamamagitan ng 1:1 o sa grupo para tulungan ang (mga) potensyal na kalahok sa SDP na makakuha ng masusing pag-unawa sa SDP.

Maaaring awtorisahan ng mga regional center ang SD Supports, sa kabuuan, nang hanggang 40 oras. Ang mga karagdagang oras ay maaaring awtorisahan depende sa kaso para sa mga potensyal na kalahok sa SDP na nangangailangan ng higit na masinsinang suporta upang matagumpay na magtransisyon sa SDP, tulad ng mga konsumidor at kapamilya na walang access sa mga natural na suporta para tumulong sa proseso ng pag-enroll, na ang ninanais na wika ay hindi Ingles, o may kailangang mas mataas na antas ng serbisyo bilang resulta ng kanilang kapansanan. Ang mga singil kada oras para sa SD Supports ay itinatakda ng Kagawaran.

Pangkalahatang SD Supports

Ay kinabibilangan ng mga sumusunod na serbisyo na ipinagkakaloob ng isang kwalipikadong provider ng Pangkalahatang SD Supports sa isang potensyal na kalahok sa SDP na nag-e-enroll sa SDP. Kabilang sa mga halimbawa ng mga responsibilidad ang tulong, coaching at/o pagsasanay sa mga sumusunod na aspeto:

1. Pagpapalano ng indibidwal na programa
 - a. Koordinasyon sa isang indibidwal na nagkaloob ng Paunang Person-Centered Plan
 - b. Tulong sa pagpupulong para sa pagpapalano sa indibidwal na programa upang tukuyin ang mga pangangailangan, layunin at serbisyo sa SDP ng potensyal na kalahok sa SDP
2. Pagkoordinar kung paano ibibigay ang mga serbisyo at suporta
 - a. Paghahanap at pagha-hire ng kwalipikadong kawani o isang provider ng ahensya
 - b. Pakikipagnegosasyon ng bayad sa kawani o singil ng provider
 - c. Pag-unawa sa proseso ng pagkuha ng mga criminal background check para sa mga kawani, kung naaangkop
 - d. Pangunahing impormasyon tungkol sa kung sino ang makakapagkaloob ng mga serbisyo (hal., mga kwalipikasyon, mga panuntunan sa kung sino ang maaari at hindi maaaring bayaran)
 - e. Pangunahing impormasyon tungkol sa kung paano pamamahalaan ang mga kawani (hal., pagtatakda ng mga inaasahan at oras ng trabaho, nasasapanahong pagsusumite at pag-claim para sa mga oras na trinabaho)

- f. Coaching sa lahat ng aspeto ng pag-onboard at pagsasanay ng kawani
3. Pamamahala ng 12 buwang indibidwal na budget sa SDP sa pamamagitan ng plano ng paggastos
 - a. Pagtuturo tungkol sa mga karaniwang pinagmumulan ng pagpopondo upang maximize ang paggamit ng mga pondo sa SDP
 - b. Pag-unawa sa proseso/tulong para makakuha ng sertipikadong 12 buwang budget, pag-unawa kung paano binubuo ang indibidwal na budget para sa SDP at pagsusuri/pagbubuo ng indibidwal na plano ng paggastos
 - c. Pag-aaral at pagbubuo ng mga pangunahing kakayahan sa pagba-budget at pagsusubaybay ng mga buwanang paggasta
 - d. Ang pangunahing impormasyon tungkol sa paggamit ng mga pondo sa SDP (hal., tulad ng inaatas sa batas at mga regulasyon ng estado o pederal)
 - e. Tulong sa pagtataguyod ng komunikasyon at koordinasyon sa pagitan ng regional center, provider ng FMS, at mga kawani

Mga Kwalipikasyon ng Provider ng Pangkalahatang SD Supports: Ang mga vendor na naghahangad na makapagkaloob ng Pangkalahatang SD Supports ay dapat magsumite ng nakasulat na pahayag ng kwalipikasyon na nagpapahiwatig ng kanilang kaalaman at/o karanasan sa bawat isa sa mga sumusunod: kaalaman tungkol sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad, sa pamamagitan ng isinabuhay na karanasan, at/o isang taon ng pormal na may bayad na karanasan; pagkumpleto ng kurso sa pagsasanay tungkol sa self-determination program; at, kaalaman tungkol sa Lanterman Developmental Disabilities Services Act, kabilang ang mga rekisito para sa SDP.

Financial Management Services SD Supports

ay kinabibilangan ng mga sumusunod na serbisyo na ipinagkaloob ng isang vendored na ahensya ng FMS sa isang potensyal na kalahok sa SDP na nag-reenroll sa SDP. Kabilang sa mga halimbawa ng mga responsibilidad ang tulong, coaching at/o pagsasanay sa mga sumusunod na aspeto:

1. Pagtuturo at pag-coach tungkol sa
 - a. Mga batas sa trabaho, mga tuntunin sa overtime, mga kinakailangan sa timesheet at responsibilidad, mga kinakailangan sa insurance
 - b. Pagsusuri ng buwanang ulat ng budget na ibinibigay ng FMS at mga responsibilidad sa pagsusuri ng mga paggasta sa indibidwal na budget; mga kinakailangan para sa mga pagsasaayos ng indibidwal na budget at plano ng paggastos at mga proseso sa FMS para dito
2. Mga rekisito para sa mga kwalipikadong produkto at serbisyo
 - a. Proseso sa at tulong sa pagkuha ng mga criminal background check
 - b. Pagbeberipika na ang mga iminumungkahing serbisyo ay tumatalima sa mga kinakailangan sa mga setting ng Mga Serbisyo na Nakabase sa Bahay at Komunidad
 - c. Pagsusuri ng at tulong sa pagsasaayos ng indibidwal na plano ng paggastos upang tiyakin na ang paraan ng pagkalkula ng mga iminumungkahing paggasta ay nakabatay sa mga maaasahang halaga at paggamit ng serbisyo at pagsasaayos, kung kinakailangan

- d. Mga pakikipag-usap sa regional center tungkol sa pagsasama ng plano ng paggastos at awtorisasyon sa serbisyo sa e-billing system at iba pang mga kinakailangan sa pananalapi at billing, mga proseso ng POS at mga proseso ng regional center para suportahan ang isang matagumpay na transisyon
3. Iba pang mga paksa, kung kinakailangan, upang suportahan ang isang maayos at madaling transisyon sa SDP

Mga Kwalipikasyon ng Provider ng FMS SD Supports: Ang ahensya ng FMS ay dapat vendored ng regional center upang magkaloob ng FMS SD Supports, dapat na kasalukuyang FMS vendor para sa mga kalahok sa SDP at nagpapakita ng abilidad na maisagawa ang mga tungkulin na nakasaad sa itaas.